# TUGON (RESPONSE)



**Pagbili ng Kagamitang Medikal:** Siguraduhin na may mga kinakailangang medikal na kagamitan at suplay tulad ng diagnostic tools, PPE (personal protective equipment), at mga kagamitan para sa suporta. Mahalaga ring i-assess ang mga pangangailangan, gumawa ng inventory ng mga stock, at mag-set up ng maayos na sistema ng distribusyon para tiyakin na sapat ang mga gamit sa oras ng pandemya.



**Pampublikong Edukasyon:** Magbigay ng tamang impormasyon sa publiko para makaiwas at maprotektahan ang kanilang sarili at pamilya mula sa sakit. Maaaring mag-distribute ng mga educational materials at magdaos ng mga community engagement sessions para mapataas ang kanilang kamalayan sa panahon ng pandemya.

Ang **pagtugon** (*response*) sa pandemya at pagbangon (*recovery*) ay ang maagang pagtuklas sa mga kaso, pagsubaybay, koordinasyon, komunikasyon, at pagkontrol sa impeksyon, na may pagtuon sa edukasyon, suporta sa psychosocial, at pakikipag-ugnayan sa komunidad

- **Maagang Pagtukoy:** Mahalaga ang mabilis at tumpak na pagtukoy sa mga bagong kaso ng sakit o mga hindi pangkaraniwang sintomas na maaaring magpahiwatig ng isang pandemya. Agad itong gawin upang makapag-prepare tayo nang maaga.
- **Paghihiwalay ng Kaso:** Kung may mga nahawa o pinaghihinalaang may impeksyon, agad silang ilagay sa isolation para hindi na kumalat pa sa iba. Ito ang unang hakbang sa pag-control ng sitwasyon.
- **Angkop na Pangangalagang Medikal:** Siguraduhing mabigyan ng tamang pangangalaga ang mga nahawa upang mapabilis ang kanilang paggaling at maiwasan ang paglala ng kanilang kondisyon.
- **Malinaw na Komunikasyon sa Panganib:** Laging magbigay ng napapanahong, tumpak, at mapagkakatiwalaang impormasyon sa publiko. Ipaalam sa kanila ang mga hakbang sa pag-iwas, mga panganib sa kalusugan, at mga pinakabagong balita tungkol sa pandemya.
- **Koordinasyon ng Interagency:** Magtulungan ang iba't ibang sektor at ahensya para maayos at mabilis na ma-coordinate ang mga hakbang laban sa pandemya. Kasama dito ang pamamahala sa logistics, pagpapakalat ng impormasyon, at paggawa ng mga desisyon na makikinabang ang buong komunidad.

COPPER ACT! ASIA-PACIFIC APCASO ACHIEVE

# PAG-IWAS SA PANDEMYA, PAGHAHANDA, AT PAGTUGON

*Pandemic Prevention, Preparedness, and Response (PPPR)*



Ang pandemya ay ang mabilis na pagkalat ng sakit sa buong mundo, na naaapektuhan ng mga salik tulad ng *global mobility*, dami ng populasyon sa isang lugar, at kalagayang pang-ekonomiya.



Para maiwasan ito, mahalaga na kontrolin ang pagkalat ng sakit, magpabakuna, magsagawa ng surveillance o pagsubaybay, magbigay ng tamang impormasyon sa publiko, at gamitin ang resources ng komunidad para mapalakas ang kakayahan ng mga tao at gawing mas epektibo ang mga hakbang sa pagtugon.

## ANO ANG PPPR?

**Ang Pandemic Prevention Preparedness and Response (PPPR) ay isang maayos at organisadong paraan para tukuyin, pagplanuhan, at harapin nang epektibo ang mga posibleng pandemya.**

Kasama sa PPPR ang mga proaktibong hakbang para maiwasan ang mabilis na pagkalat ng sakit, pati na rin ang maayos na paghahanda para mabawasan ang epekto nito kung sakaling magkaroon ng pandemya.



# PAG-IWAS (PREVENTION)

Ang **pag-iwas** sa pandemya ay nangangahulugan ng pagkontrol sa pagkalat ng sakit, pagpapabakuna, pagsubaybay, pagbibigay-kaalaman sa publiko, at paggamit ng resources ng komunidad para mapalakas ang tibay at bisa ng mga tugon.



**Pagsubaybay sa Sakit:** Ito ay ang aktibong pagsubaybay sa mga nangyayaring kaugnay ng sakit. Ginagawa ito nang maayos at sistematiko para makita agad kung may pagbabago sa pagkalat nito.

**Promosyon ng Pampublikong Kalusugan:** Mahalaga na itaas ang kamalayan ng komunidad tungkol sa kahalagahan ng kalusugan. Turuan sila kung paano maiiwasan ang sakit at ipaliwanag ang mga hakbang na pwede nilang gawin para mabawasan ang panganib ng pagkalat nito.





**Mga Patakaran sa Quarantine:** Ito ang mga patakarang nagpapatigil o naglilimita sa galaw ng mga tao, hayop, o kalakal para maiwasan ang pagkalat ng sakit mula sa mga lugar na apektado papunta sa mga hindi pa nahahawahan. Kapag may panukalang quarantine, sundin ang mga patakarang ito para maprotektahan ang lahat.

# PAGHAHANDA (PREPAREDNESS)



Ang **paghahanda** para sa pandemya ay nangangahulugan ng pagplano at koordinasyon upang mabawasan ang epekto ng pandemya sa kalusugan ng mga tao at mapanatiling matatag ang lipunan at ekonomiya. Kabilang sa paghahanda ang pag-isolate ng mga kaso, malawakang pagsusuri, at pagpapalakas ng sistema ng kalusugan.

**Bumuo ng Contingency Plan:** Maghanda ng isang detalyadong dokumento o plano na naglalaman ng mga hakbang na gagawin kapag may pandemya. Dito nakasaad kung paano ilalaan ang mga rekurso, ang mga standard operating procedures (SOP), at ang pamamahala ng krisis.

**Pagsasanay para sa Healthcare Personnel:** Maglaan ng mga programa sa edukasyon at pagsasanay para mapahusay ang kakayahan ng mga healthcare workers sa pamamahala ng mga kaso ng pandemya. Kasama na dito ang tamang pagkilala sa mga sintomas, paghihiwalay ng mga nahawa, at pagbibigay ng tamang medikal na pangangalaga.